



## ILALABAS SA BALITA

**PARA SA AGARANG PAGLALABAS:** Hunyo 17, 2020  
**MAKIPAG-UGNAYAN KAY:** Erin DeMerritt, 415.517.4147

## Air District Board, pinagtibay ang resolusyon bilang resulta sa racial justice

**SAN FRANCISCO** – Ngayong araw, bumoto ang Lupon ng Mga Direktor ng Bay Area Air Quality Management District (Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area) na pagtibayin ang resolusyon na nagkukundena sa kawalan ng hustisya at pagpapatibay ng pangako ng ahensiya sa pagkakaiba-iba, pagkakapantay-pantay, access, at inklusyon.

“Ang resolusyong sumusuporta sa racial justice na ipinasa ng Lupon ng Mga Direktor ng Air District na pormal na kumikilala sa aming pangako para itaguyod ang adhikain at pagkakapantay-pantay ng aming mga patakaran, programa, at kasanayan,” ayon kay Jack Broadbent, tagapagpaganap na opisyal ng Air District. “Ayon sa kasaysayan, nakatatak na ang diskriminasyon sa lahi sa mga sistema ng pamahalaan ng America at may tungkulin ang bawat antas ng pamahalaan sa pagsugpo ng mga balakid na nagpapahina sa mga panlipunan, pang-ekonomiko, at politikal na oportunidad para sa mga people of color.”

Available ang agenda ng meeting sa <https://bit.ly/3d63nPC>. Para basahin ang buong resolusyon, bisitahin ang <https://bit.ly/2AJLHvX>.

Ang [Bay Area Air Quality Management District](#) ay ang panrehiyong ahensiya na responsable para sa pangangalaga sa kalidad ng hangin at pandaigdig na klima sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Facebook](#), [Instagram](#), [Twitter](#), at [YouTube](#). Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Spare the Air (Iligtas ang Hangin), pumunta sa [www.sparetheair.org](http://www.sparetheair.org).

###

---

*Air District Communications Office*  
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105 - (415) 749-4900  
[Homepage ng Air District](#) | [Mga Inilabas na Balita](#)